

Pangkalahatan sa mga trabaho sa site

(1) Mga partikular na mahahalagang pangkaligtasang karatula

Bawal Pumasok

- * Huwag kailanman pumasok dahil ito ay mapanganib na lugar!



Mag-ingat sa Butas

- * Huwag mahulog dahil may malaking butas!
- * Huwag kailanman talikuran ang butas!



Ingatan ang iyong ulo

- * Baka may mahulog sa itaas!
- * Baka mauntog ang iyong ulo!



Mag-ingat sa iyong pagtapak

- * Mag-ingat sa mga hakbang at baka madapa!
- * Madalas na nadadapa ang pagtapak sa mga materyales!



Personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog

- * Dapat kang gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog




Nakakakuryente

- * Panganib na makukuryente! Maingat!
- * Kailangan rin ng pagtiyak tulad ng grounding!




(2) Tungkol sa paggamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog)

Tiyaking gumamit ng personal na mga sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) sa taas na 2m o higit pa!



Ang isang trabahador ay magdudusa sa pagkabali dahil sa tindi ng pagkakabagsak noong nahulog.




**Tiyakin nating gumamit ng personal na mga sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) sa taas na 2 m o higit pa
Tungkulin mo ito!!**

Ang personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) ay kailangang naka-hook nang mas mataas sa baywang.

Ang paggamit nang tama ng kumpletong harness na uri ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (buong harness na uri ng pang-iwas ng pagkakahulog)


Suriin ang pagkaluwag! →



(3) Pagbuhat ng mabigat at mahahabang bagay


Kailangan ng pansin dahil ang mga aksidenteng dulot ng malawak na diyametrong rebar ay napakarami!

- * Kahit na ang maliit na pinch ay madaling nakakabali ng daliri,




Ang mga pinsala ay madalas na idinudulot ng mahahabang bagay!

- * Ang pag-swing ng mga re-bar ay maaaring makapinsala sa mga tao sa paligid mo.




- * Kung minsan ang mga trabahador ay nawawalan ng balanse sa pamamagitan ng pagdala ng dalawang tao ng mga re-bar.



Isabay ang timing ng pagbuhat at pagbaba ng mga materyales sa pamamagitan ng pagtawag sa bawat isa.

(4) Tungkol sa pagtrabaho sa dulo at sa paligid ng butas

- * Kapag nagtatrabaho sa may mga gilid o sa butas, tiyaking gumamit ng personal na sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog)!



- * Huwag kailanman talikuran ang gilid o isang butas!


Ang labis na pagtuon sa trabaho at nakakalimutan ang likuran ay nagiging sanhi ng pagkakahulog!!



(5) Wastong paggamit ng mga kagamitang de-kuryente

Tamang paggamit ng mga de-kuryenteng cutter at de-kuryenteng bending machine

- * May maraming kaso na ang daliri ay naiipit bago ganap na maputol ang re-bar.




- * May maraming kaso na ang leather na guwantes ay naiipit sa de-kuryenteng bending machine!

(6) Tungkol sa mga aksidenteng nagdudulot ng pagkakapatid o pagkakadapa

Ang pagkakadapa ay pangalawa sa pinakakaraniwang aksidente kasunod ng mga lumilipad na mga bagay at pagkahulog! Ingatan ang iyong mga paa!

- * Mag-ingat dahil may maraming kaso na babali sa iyong kamay sa pamamagitan ng pagkakapatid sa hagdan o sa isang bagay!

Maging maingat lalong-lalo na kapag may dala kang mga materyales.



- * May maraming aksidenteng gumugulong-gulong ang pampatibay na bakal at nahulog ang trabahador. Ang mga materyales ay kailangang maitabi sa isang partikular na lugar!

Ang trabahador ay nadadapa dahil sa paggulong ng mga materyales.




(7) Tungkol sa mga sari-saring matutulis na bagay

Muling kumpirmahin kung may mga sari-saring matutulis na bagay sa lugar ng konstruksiyon.

May maraming kasong ang pagputol sa pampatibay na bar ay humahantong sa malubhang pinsala!

* Mag-ingat dahil maraming matutulis na bagay tulad ng gilid ng slab ng plataporma at ang truss deck na may pampatibay na bakal!

* May maraming kasong ang kamay ay naipit at nasaktan noong dinampot ang isang bagay na nahulog sa ibaba ng porma ng biga.



* Mag-ingat dahil maraming aksidente kapag inilalagay mo ang iyong mga kamay kapag nagtatali ng mas mababang re-bar sa biga o pag-akma ng pangunahing re-bar sa biga!



(8) Para maiwasan ang mga pinsala sa lugar ng konstruksiyon (buod)

- Tandaan ang mga lugar na hindi mo dapat pasukin o daanan!
- Gumamit ng personal na mga sistema ng pang-iwas ng pagkakahulog (harness na pang-iwas ng pagkakahulog) sa taas na 2m o higit pa mula sa sahig!
- Maraming aksidente ang dulot ng malaki ang diyametro na rebar, kaya labis na mag-ingat kapag binubuhat ang mga ito!
- Marami ring mga aksidente na dulot ng mahahabang bagay, kaya buhatin ang mga ito sa tamang taas at bilang ng tao nang hindi mo pinapahirapan ang iyong sarili!
- Tandaan na may maraming kaso ng mga nahuhulog, tulad ng bahagi ng inaayos (nagtatapos) at butas!
- Maraming aksidente ang dulot ng de-kuryenteng kagamitan, kaya labis na mag-ingat kapag ginagamit ang mga ito!
- Ang lugar ng konstruksiyon ay mahirap na lakaran at madulas. Ipaalala sa sarili na ito ay napakapanganib na lugar!
- Inatang hindi masagi, mabunggo o mauntog, dahil maraming mga matutulis na bagay sa lugar ng konstruksiyon!

Habang nagtatrabaho sa lugar ng konstruksiyon, madali mong makakalimutang ikaw ay nagtatrabaho sa mapanganib na lugar at masasanay sa kapaligiran. Palaging tandaan na malapit na malapit ka sa panganib.